



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-1 ng Nobyembre, 2018
Kontak: Juanito R. Amor Jr. (858) 505-7257

BUMOTO NANG MAAGA NGAYONG SABADO AT LINGGO

Ang Opisina ng Tagapagrehistro ay Bukas mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon sa Sabado, Ika-3 ng Nobyembre at Linggo, Ika-4 ng Nobyembre

Kung kayo ay masyadong abala para bumoto sa Araw ng Eleksyon para sa Ika-6 ng Nobyembre na Gubernatoryal na Pangkalahatang Eleksyon, samantalain ang mga oras ng pagboto sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa Sabado, Ika-3 ng Nobyembre at sa Linggo, Ika-4 ng Nobyembre.

Bilang resulta ng malaking bilang ng mga kontest sa Ika-6 ng Nobyembre na eleksyon, ang mga rehistradong botante ng County ng San Diego ay makakatanggap ng dalawang-kard na balota. Ang mga kontest ay nakalista sa harap at likod ng bawat kard. Isaalang-alang ang haba ng balota, ang Tagapagrehistro ay hinihikayat ang mga botante na magplano ng maaga. Mag-research muna at markahan ang inyong sampol na balota bago pumunta upang bumoto.

“Ang pagboto sa Sabado at Linggo ay nagbibigay sa mga botante ng isa pang opsyon upang botohan ang kanilang mga balota o i-drop off ang kanilang mga balotang pangkoreo bago ang Araw ng Eleksyon,” sabi ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng San Diego na si Michael Vu.

Ang opisina ay magbubukas mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon sa Sabado, Ika-3 ng Nobyembre at Linggo, Ika-4 ng Nobyembre para sa pagboto sa Sabado at Linggo sa 5600 Overland Avenue, San Diego, 92123 sa campus ng County Operations Center. Ang opisina ay tatanggap ng mga tawag sa telepono sa parehas na panahong iyon sa (858) 565-5800.

Ang mga botante ay maaaring i-drop off ang kanilang mga balotang pangkoreo sa labas ng opisina ng Tagapagrehistro mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon ngayong Sabado at Linggo o sa Lunes, Ika-5 ng Nobyembre. Sa Araw ng Eleksyon, ang mga oras ng pag-drop-off ay magiging mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-1 ng Nobyembre, 2018

Ang Opisina ng Tagapagrehistro ay nagtayo ng [60 drop-off na lokasyon ng mga balotang pangkoreo](#) sa buong county. Sila ay tatanggap ng mga balotang pangkoreo sa regular na oras ng negosyo ng bawat lokasyon hanggang Ika-5 ng Nobyembre, at pagkatapos mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi sa Araw ng Eleksyon.

Kung mas gusto ng mga botante na bisitahin ang kanilang itinalagang lugar ng botohan sa Martes ngunit hindi alam kung saan ito matatagpuan, makikita ninyo ang adres sa likod ng inyong pamphlet ng sampol na balota at impormasyon para sa botante o maaari nilang [tingnan ito sa sdvote.com](#).

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [sdvote.com](#) o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTYNEWSCENTER  